# Manlilimbag

Isang uri ng trabaho kung saan gumagawa ng mga paskil, katalago, anunsiyo sa magasin at iba pang inililimbag na bagay gamit ang makinarya sa isang kumpanya ng paglilimbag.



Panayam kay Ginoong Kōzō Wada, Tagapangasiwa, Shizuoka-ken Insatsu Kōgyō Kumiai

Interview



## Gawain ng manlilimbag

### Benepisyo ng trabaho

Nakakaramdam ng saya kapag nakikita sa iba't ibang lugar ang inilimbag na bagay.
Nakakaramdam ng tagumpay sa trabaho kapag sariling naipapatakbo ang makinarya sa paglilimbag at mahusay na naisusulong ang mabisang paraan sa sariling pinag-isipan na trabaho.

### Mga taong angkop sa trabahong ito

Mga taong mahilig sa makinarya at mahilig pinag-iisipan nang mabuti ang mga bagay bagay.
Mga taong kayang makipag-usap sa iba't ibang uri ng tao at magaling sa komunikasyon.
Mga taong malawak ang pananaw at nais magtrabaho.

### Para maging manlilimbag

Hindi kinakailan ang lisensya o sertipikasyon.
Pumasok at magtrabaho sa kumpanya ng paglilimbag at kumalap ng kakayahan habang nagtatrabaho.
Huwag mag-alala kung walang karanasan! Ang mahalaga ay nais hamunin ang sarili na subukan ang iba't ibang bagay.



Pangangasiwa ng kulay ng ililimbag na bagay sa kompyuter.



Paglilimbag ng polyeto gamit ang high speed na makinarya sa paglilimbag.

### Mahirap ba kapag walang alam sa trabaho?

Hindi mahalaga ang kaalaman sa paglilimbag.
Matututunan habang nagtatrabaho ang uri ng papel, tinta at paraan ng paggamit ng makinarya.

### Maaari bang magtrabaho kahit walang sertipikasyon?

Hindi kinakailangan ang sertipikasyon. Sa dami ng hahawakang trabaho, lalawak din ang kaalaman at kakayahan sa paglilimbag.
Sa pag-iipon ng karanasan, maaaring kumuha ng sertipikasyon na "Manlilimbag (Class 1 o Class 2)" na magpapatunay sa kaalaman at kakayahan sa paglilimbag.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Mangolekta ng impormasyon tungkol sa paglilimbag. Tingnan ang mga polyeto, postkard, paskil, kalendaryo at iba pang nakalimbag na bagay sa iyong paligid. Mahalaga ang magkaroon ng interes sa paglilimbag.

**Message**

Samu't sari ang trabaho ng paglilimbag mula sa paskil hanggal sa maliit na anunsiyo. Mahalaga ang pagsasaayos ng makinarya para mabilis na mailimbag ang iba't ibang uri ng nakalimbag na bagay. Ang magaling na manlilimbag ay kayang magsagawa ng pagpapanatili ng makinarya. Imbes na tingnan ang nasyonalidad o karanasan, mas madaling sumunod at matutunan ng isang walang karanasan ang trabaho. Hamunin ang sarili at huwag matakot sa kabiguan.

Kapag interesado sa trabahong ito → Telepono

Shizuoka-ken Insatsu Kōgyō Kumiai

Tel 054-286-5171